



43

Tuwaang: Bagobos Lightning Rider
MICHAEL O. BRIQUILLO

TUWAANG ng mga Manobo

Habang nag-aayos ng kanyang tikos (kuwinta na pambinti), singsing na sinainta at kuwintas na kamahi, may maiisip si Tuwaang ng bayan ng Kuaman. Tatawagin niya ang kanyang Tiya. Tatanggihan niya ang alok nitong nganga upang maibalita kaagad niya rito ang kanyang balak. Nais niyang dumalo sa kasalan ng Dalaga ng Lawa ng Mo:nawon at ng Binata ng Sakadna. Hindi papayagan si Tuwaang ng kanyang Tiya sa pangambang may mangyayari sa kanyang masama. Ngunit sasabihin niyang itinadhana nang dadalo siya sa kasal at hindi na siya maaaring umurong.

Maghahanda si Tuwaang sa kanyang pakikipagsapalaran. Daldalhin niya ang kanyang espadang palihuma at balaraw, ang kanyang kalasag at sibat na tigaluan. Magdadasal siya sa Diyos na Manda:ngan bilang pagpapaalam sa kanyang paglalakbay. Saka niya tatawagan ang kidlat upang sakyan papunta ng Mo:nawon. Bago makarating sa Mo:nawon, magpapahinga na muna siya sa damuhan ng Kawkawangan. Dito makakarinig siya ng tilaok ng manok. Tatangkain sana niyang hulihin ang manok. Ngunit nang lapitan niya isa palang gungutan ang tumitilaok. Isang mahiwagang ibon ang gungutan na kayang magbago ng anyo. Kuwento ng gungutan na nais daw talaga niyang magpahuli kay Tuwaang. Galing siya sa kalangitan ng Kawangkawang. Nais niya ngayong makipagsapalaran kasama ni Tuwaang kahit pa gawin siya nitong pain sa labanan.

Magsasama nga si Tuwaang at ang gungutan. Magpapalit ng anyo bilang isang binata ang gungutan pagdating nila sa bakuran ng Dalaga ng Mo:nawon. Mamamangha sa kakisigan nilang dalawa, at pagkakamalang mga diwata, ng napakaraming taong dumalo sa kasal. Papapasukin sila sa bahay ng ikakasal habang naiwan ang karamihang naghihintay lamang sa bakuran. Sasalubungin sila ng Binata ng Mo:nawon, kapatid ng dalagang ikakasal. Aaluking maupo ng Binata ng Mo:nawon si Tuwaang. Ngunit tatanggi siya nang sinasabing hindi siya karapat-dapat. Magpapakitang-gilas ang gungutan at mamamangha ang mayayamang nasa loob ng bahay. Unang pagkakataon nilang makakita ng gungutan na tumilaok pa nang sampung ulit na siyam na ulit nitong binago. Naging karapat-dapat si Tuwaang sa paningin ng lahat na maupo kasama nila. Sunod na tatanggihan ni Tuwaang ang pagnguya ng nganga na alok ng Binata ng Mo:nawon. Sa halip, magpapakilala siyang nanggaling sa bayan ng Kuaman. Saka lamang siya hahayaan ng mga taong manahimik sa kinaupuan niyang lugar, at muling pagkaabalahan ang pagtitirintas ng kanyang tikos.

Sunod-sunod na darating ang lahat ng manliligaw ng Dalaga ng Mo:nawon. Unang dumating ang Binata ng Panayangan na ipinabatid ang kanyang pagdating sa pamamagitan ng pagpapabulaklak sa mga puno. Ikalawa, ang Binata ng Liwanon. Sumunod ang Binata ng Sinisilingan ng Araw. Dumating pagkatapos ang Binata ng Mandalingan at Binata ng Auman, na sinundan ng napakarami pang iba na walang iniwan sa mga bubuyog na tomeng. Nang makadalo na ang lahat, saka pa lamang darating ang Binata ng Sakadna, na walang kamatayan. Isang siyang tumanuron, isang taong may proteksiyon ng isang diyos. Dala niya ang mga alipin niyang mapuputi ang balat pati ang mga gong na mahatukag. Sa kanya ipakakasal ang Dalaga ng Mo:nawon, na isang putali', ang pinakapaboritong anak na babae. May kayabangan ang Binata ng Sakadna dahil gusto niyang paalisin ng Binata ng Mo:nawon ang lahat ng mga nasa loob ng bahay na itinuturing niyang dumi. Si Tuwaang ang sasagot para sa kanilang nauna na sa loob ng bahay. Sasabihin niyang may mga duming katulad ng dahon ng punong lauan na dumidikit sa sahig at bumabalik kahit anong linis. Matatahimik ang Binata ng Sakadna sa sinabi ni Tuwaang.

Bago pa man magkagulo ang lahat, ilalabas na ng Binata ng Mo:nawon ang savakan ng pamilya ng Dalaga ng Mo:nawon. Kailangang tapatan ng lalaking ikakasal ang savakan ng bawat kasapi ng pamilya ng ikakasal na babae, bilang bahagi ng bigay-kaya. Matatapatan ng Binata ng Sakadna ang lahat maliban sa savakan ng Binata ng Mo:nawon at ng bunsong kapatid na babae ng Dalaga ng Mo:nawon. Aalok ng tulong si Tuwaang. Tatapatan niya ng gong na limukon at ng mahiwagang sauroy ang dalawang natitirang savakan nang huwag namang mapahiya ang Binata ng Sakadna. Maayos na sana ang lahat. Ngunit, labas ang putali', ang Dalaga ng Mo:nawon, at uutusan niya ang lalagyan ng nganga upang umikot sa mga bisita. Uutusan niyang mamigay ng nganga ang lalagyan nito at piliin ang kanyang lalaking pakakasalan. Magugulat ang lahat na pipiliin ng lalagyan ng nganga si Tuwaang, kahit pa itulak niya ang lalagyan palayo sa kanya.

Mapapahiya ang Binata ng Sakadna gayong sa kanya dapat ipakasal ang putali'. Papatayin niya ang lahat ng tagasunod ng Binata ng Mo:nawon. Kinampihan ng lahat ng iba pang manliligaw ang Binata ng Sakadna. Papatayin naman silang lahat ni Tuwaang na may kapangyarihan ng sa-kidlat. Sasaklolohan siya ng gungutan na mag-aanyong si Tuwaang sa gitna ng digmaan. Mapapatay nito ang Binata ng Mandalingan at Auman. Magiging halaman ng hangin ang Binata ng Mandalingan. Mapapatay naman ng totoong Tuwaang ang Binata ng Sinisilingan ng Araw at Panayangan na magiging halaman ng hangin din. Matitira na lamang ang walang kamatayang Binata ng Sakadna. Dadalhin siya ni Tuwaang sa kaharian ni Maivuyan, diyosa

ng ilalim ng lupa na tagapag-ingat ng lahat ng kaluluwa. Doon pipigilan ni Tuwaang na huwag makatakas ang Binata ng Sakadna. Kukunsultahin ni Tuwaang si Tuhawa, asawang lalaki ni Maivuyan, kung paano niya maaaring mapatay ang Binata ng Sakadna. Ibibunyag nito kay Tuwaang na wala sa katawan nito ang kaluluwa ng Binata ng Sakadna kung hindi nasa gintong plawta na hawak ng putali' ng Manda:ngan. Nang mapasakamay ni Tuwaang ang gintong plawta, bibigyan niya ng pagkakataon ang Binata ng Sakadna na sumuko sa kanya, at maging kanang kamay niya. Ngunit, hindi papayag ang Binata ng Sakadna na maging utusan ni Tuwaang. Mas gugustuhin pa niyang mamatay. Kaya dudurugin ni Tuwaang ang gintong plawta na ikamamatay ng Binata ng Sakadna. Magtatapos din ang digmaan. Mamumuhay nang tahimik sina Tuwaang at ang Dalaga ng Mo'nawon sa Kuaman. Babalik na rin ang gungutan sa Langit ng Kawangkawang.

Sanggunian:

Manuel, Arsenio. *Tuwaang Attends a Wedding*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1975.